

Interest rates

Noong ika-16 ng Mayo 2024, pinanatili ng Bangko Sentral ng Pilipinas ang *target reverse repurchase rate* nito sa 6.5%.

6.5%

Nananatiling *restrictive ang monetary policy stance* ng BSP. Makatutulong itong panatilihing malapit sa *inflation target* at sa tantya ng BSP ang tantya ng publiko hinggil sa *inflation* sa hinaharap. Ito rin ay tutulong maibsan ang epekto ng mga banta sa matatag na presyo ng bilingin.

Risk-adjusted inflation forecast



Ayon sa BSP, sa pagsaalang-alang ng mga banta sa presyo ng bilihin, maaring umabot sa 3.8% ang *inflation* ngayong taon. Ito ay mas mababa kaysa sa tanyang nitong 3.9% na inanunsyo noong nakaraang Pebrero sa Monetary Policy Report.

Para sa 2025, inaasahang magiging 3.7% ang *inflation*.




Mga banta sa presyo

Mga banta na isinaalang-alang ng BSP sa *forecast* nito para sa 2024:



mas mataas na
pamasahe at *toll*
fees



mas mataas na
singil sa kuryente



mas mataas na
presyo ng
pagkain



mas mataas na
pandaigdigang
presyo ng langis

Mga banta na isinaalang-alang ng BSP sa *forecast* nito para sa 2025:



mas mataas na
pandaigdigang
presyo ng langis



paghina ng piso
laban sa dolyar



BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS

Inflation expectations



Minomonitor ng BSP ang *inflation expectations* ng pribadong sektor dahil ito ay nakaaapekto sa kanilang pagkonsumo.

Heto ang bagong *inflation expectations* ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor kumpara sa tantya nila noong nakaraang Pebrero:

2024

3.8%

from **4.0%**

2025

3.5%

unchanged

2026

3.5%

from **3.4%**

Ang *inflation expectations* ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor ay pasok sa *target* ng gobyerno na 2.0%-4.0%.

20 ang respondents sa BSP's survey ng mga external forecasters noong May 2024, base sa mga isinumite mula 9 hanggang 15 May 2024.

Tantya sa ekonomiya

2024

Lalago nang bahagya ang ekonomiya sa kabila ng mga negatibong pangyayari sa labas ng bansa.

MATATAG

2025

Mas mabilis pang lalago ang ekonomiya ng Pilipinas. Ang paglakas ng pandaigdigang ekonomiya ay inaasahang magpapalakas sa exports ng bansa.

MALAKAS



Monetary policy



Pananatilihin ng BSP ang kasalukuyang *monetary policy* nito hanggang mas masiguro nito na ang *inflation* sa hinaharap ay hindi lalampas sa *target*.

Gayunpaman ito ay handang mag-*adjust* ng *monetary policy* kung kinakailangan upang panatilihin matatag ang presyo ng bilihin at ang ekonomiya.

